

MGA PANGKARANIWAN

Mykel Andrada

PASYON NI BULAN

Mariing atas ng araw
Sa buwan: dapat ipinid
Ang mata, 'wag magpabalong
Ng liwanag, 'wag magluwal,
Talukap ipambilibid

Sa mga tinging mapusyaw.
'Pagkat umaga'y daigdig
Ng haring sa ginto'y gumon.
Bab'la ng araw: balaraw
Ang titig, nakapupunit.

Ngunit 'sang umaga, buwan
Ay dumilat, pumurikit.
Kamay ng araw, kumuyom,
Leeg ng buwan, sinakal.
Sumigaw nang alumpihit:

Pula na naman ang buwan,
Duguang mata sa langit.
Galos na ayaw maghilom,
Sugat na di mapatahan,
Hiwang hindi masinulid.

SALAMING-TUBIG

mamamangha ka:
salaming-tubig ang palad niya
nakahuhuli ng balangaw
na nakapailanlang
sa kapisasong langit na asul

sa ibabaw ng kanyang palad
paduyan-duyan ang maliit na batingaw
malalim na lagutok ang isinisigaw
timbulang hinaing sa hangin

hanggang sa mahulog ito
tila ulan ng yelo
nakatitig nang direktso
habang dumadausdos
paglapag, kumilapsaw ang palad

mamamangha ka:
basag ang balangaw

SITAK

Namimintog ang iyong mga ugat
sa matitipunong braso.
Halos pumutok ang iyong mga bisig
sa ehersisyo ng pagmamaneho.

Hawak mo ang buhay ko
sa mahabang biyaheng lansangan,
inaabangan ang bawat kurba,
alintana ang paspas ng iba.

Sabi mo, nagtatampo ang iyong asawa.
Wala ka sa kanyang piling
nang magluwal siya ng uha.
Ibinabiyahe mo pa kasi

ang pambayad sa ospital.
Babae ang inyong bunso.
Ipaglalaba ng iyong misis
ang sususuhin ng sanggol.

Nakatali ka sa manibela ng iba.
Kabisado mo ang bituka ng Maynila
pero kailanma'y di nasumpungang
tawaging hari ng lansangan.

Umaalingasngas ang mga gulong
sa pakikiapid sa lansangan.
Maliligaw ka, sabi mo,
'pag pumanaw ang alinsangan.

BANANA CUE

Sanay na ang iyong tumbong
sa lamig ng mabatong sahiḡ.

Kinakausap mo ang hangin
habang nakalatag ang iyong mga saging.

Sumisigaw nang nakapinid ang bibig.
Marahil dinadalit mo

na umulan ng mga bungangang
ngunguya sa 'yong panindang matamis.

Kasabay mong hihilinging wala na sanang
mabiktima ang diabetes.

Sapul ng iyong mga titig
ang naglilipanang dahon

at hinihiraya mong maging asukal
ang makulimlim na langit

habang ang iyong mga paa'y
matamlay na pumapadyak

upang bugawin
ang mga langgam.

DOON PO SA AMIN, BAYAN NI 'TAY BAKAK

Doon po sa amin, bayan ni 'Tay Bakak,
"Kill, kill, kill" ang order: ang bumangga, wasak.
"Ganyan po 'pag gera," putak ni Boy Talak.
Nang walang nauto, sa TV nambelat.

Doon po sa amin, bayan ni 'Tay Bakak,
Bawal ang sumingit, pila ng Sinovac.
Bawal ang VIP, bawal ang lumagpas.
Mayor lang sakalam! May listahan ng sub!

Doon po sa amin, bayan ni 'Tay Bakak,
Tao'y pinalabas kahit di pa ligtas.
Nang bilang ng kaso ay tumataas-taas,
Sinisi ng Duke taong pinalabas.

Doon po sa amin, bayan ni 'Tay Bakak
Nagpapalangkapan butbuton at palpak.
"Excellent job we did," sabi ni Boy Talak.
One year nakakulong, ECQ ang bagsak.